# Gabay ng Magulang

# Paghahanda para sa Operasyon/Procedure ng Iyong Anak

# A Parent's Guide

# Preparing for Your Child's Surgery/Procedure (Tagalog)

**Maligayang pagdating** sa Swedish Medical Center. Malugod kaming umaasa na mabigyan ka at ang iyong anak ng pinakamahusay na pangangalaga. Layunin naming makita na napakahusay sa bawat paraan ang buo mong karanasan sa Swedish.

### Ikaw ay naka-iskedyul para sa iyong operasyon/ procedure sa:

| | | |
|---|---|---|
| ☐ | Ballard campus | 206-781-6245 |
| ☐ | Cherry Hill campus | 206-215-3200 |
| ☐ | First Hill campus | 206-215-3200 |
| ☐ | Orthopedic Institute | 206-215-3200 |
| ☐ | Issaquah campus | 425-313-5330 |

*Toll free (walang bayad) para sa lahat ng campus 1-866-851-5111*

### Pakigawa ang mga sumusunod na hakbang upang maghanda para sa operasyon/procedure ng iyong anak:

1. Tumawag sa Swedish Medical Center sa lokasyong nakasaad sa itaas upang:
   - Magparehistro para sa appointment ng iyong anak sa ospital
   - Mag-iskedyul ng **kinakailangang** preadmission na appointment sa telepono.

   Mangyaring maglaan ng 15 minuto upang maparehistro at maiskedyul ang iyong appointment. Dapat mong gawing available ang card ng insurance ng iyong anak.
2. Kung nakatanggap ka ng mensahe sa telepono mula sa Swedish, pakitawagan sila sa lalong madaling panahon sa numerong iniwan sa mensahe.
3. Kapag nakaiskedyul na sa ospital ang procedure ng iyong anak, tumawag sa kumpanya ng iyong insurance upang kumpirmahin ang pahintulot.
4. Basahing mabuti ang hand-out na ito at bigyan ng partikular na pansin ang mga tagubilin sa diyeta at gamot bago ang operasyon.

### Mahalagang impormasyong pinansyal

Responsibilidad mong makipag-ugnayan sa kumpanya ng iyong insurance upang matiyak na:

- Nakatanggap ng pahintulot ang iyong doktor para sa mga bayad sa propesyonal at mga singilin ng ospital
- Alam mo ang mga limitasyon ng saklaw ng iyong anak at ang anumang mga singiling hindi saklaw na maaaring personal na singilin sa iyo

Ang mga tanong tungkol sa pagsingil o halaga ng operasyon ay masasagot sa pamamagitan ng pagtawag sa 206-320-5300.

### Ang iyong appointment sa telepono sa klinika ng preadmission

***(Maglaan ng hanggang 30 minuto)***

Petsa: ________________ Oras: ________________

Para sa appointment na ito, pakidala ang:

- Kasalukuyang listahan ng mga gamot ng iyong anak
- Pangalan at numero ng telepono ng iyong doktor ng pamilya
- Listahan ng mga dating operasyon, kasalukuyang problema at ulat ng anumang mga pagsusuri sa puso ng iyong anak

### Kailan dapat dumating para sa operasyon/procedure ng iyong anak

Petsa: ________________ Oras:________________

### Mga tagubilin sa diyeta bago ang operasyon:

Ang huling pagkakataon na maaaring kumain ng solidong pagkain ang aking anak: ________________

Ang huling pagkakataon na maaaring uminom ng formula o mga hindi malinaw na likido ang aking anak: ________________________________

Ang huling pagkakataon na maaaring uminom ng gatas ng ina ang aking anak: ________________________

Ang huling pagkakataon na maaaring uminom ng mga malinaw na likido ang aking anak: ________________

*May nakalakip na mapa na may mga direksyon at paradahan para sa bawat campus sa booklet na ito. Nakadetalye sa mapa ang mga lokasyon para sa pag-check in para sa preadmission at operasyon/procedure.*

***Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang www.swedish.org sa ilalim ng "Health & Patient Services > Patient & Visitor Information."***

*Para sa impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng pasyente, pumunta sa www.swedish.org/patients-rights-responsibilities.*

SWEDISH PEDIATRICS

Extraordinary care. Extraordinary caring.℠

# Ang operasyon o procedure at ang iyong anak

Sa Swedish, batid naming maaaring nakakatakot ang operasyon para sa mga bata. Iyon ang dahilan kung bakit kami nagsusumikap na gawing positibo hangga't maaari ang buong karanasan. Makakatiyak ka na makakatanggap ang iyong anak ng pangangalaga mula sa mga kawaning mahusay na sinanay gamit ang pinakamakabagong medikal na teknolohiya — lahat sa isang kapaligirang naaangkop para sa bata.

**Maaari kang tumulong sa paghahanda para sa procedure ng iyong anak sa pamamagitan ng pagbabasa sa paketeng ito at pagsunod sa mga ibinigay na tagubilin.**

- Nagsisimula sa pre-admission na appointment ang karanasan sa ospital. Pakitawagan ang ospital upang iiskedyul ang **kinakailangang** panayam sa telepono na ito. Habang isinasagawa ang tawag sa teleponong ito, magtatanong sa iyo ang isang nurse upang makumpleto ang chart sa ospital ng iyong anak, ipapaliwanag ang maaari mong asahan at sasagutin ang anumang mga tanong. Pakidala ang mga gamot ng iyong anak para sa iyong panayam.
- Kung magiging pamilyar sa ospital, maaaring maging hindi gaanong nakaka-stress para sa iyo at sa iyong anak ang araw ng operasyon. Ang mga paglilibot sa aming mga lugar para sa operasyon at mga bata ay isinasagawa Lunes hanggang Biyernes. Tumawag sa mga child life specialist sa 206-386-6283 kung gusto mong magpaiskedyul.
- Sa araw ng procedure ng iyong anak, makikilala mo ang iyong anesthesiologist at hihilinging lumagda sa isang form ng pahintulot. **Dapat ay may isang magulang o legal na tagapangalaga na naroon sa araw ng procedure para sa sinumang pasyenteng wala pang 18 taong gulang.** Sa kaso ng pansamantalang kustodiya, dapat magbigay ng patunay ng pagiging legal na tagapangalaga.
- Upang hayaan kang makatuon sa iyong anak na isang pasyente, hinihikayat ka naming kumuha ng pag-aalaga ng bata para sa iba mo pang mga anak. **Hindi pinapayagan ang mga kapatid sa mga lugar para sa operasyon o playroom sa lugar para sa operasyon.** Marami sa mga magulang ang gustong samahan ang kanilang mga anak hangga't maaari sa kabuuan ng proseso, at lubos namin itong nauunawaan. Gayunpaman, kapag dinala ang iyong anak sa kwarto ng operasyon upang tumanggap ng anesthesia at sa panahon ng paggising niya, isang magulang lang ang maaaring naroon. Sa ganitong paraan, makakapagpanatili tayo ng ligtas at kumportableng kapaligiran para sa lahat. Kapag naghahanda ka nang iuwi ang iyong anak, maaaring naroon ang dalawang magulang.

### Mga child life specialist

Ang mga child life specialist ay bahagi ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan. Ang trabaho nila ay tumulong sa paghahanda para sa isang operasyon o procedure na naaangkop sa edad. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung paano sasabihin sa iyong anak ang tungkol dito, mangyaring tumawag sa 206-386-6283.





# Mga tagubilin sa gamot bago ang operasyon

Kung umiinom ng mga pampalabnaw ng dugo o anumang produktong naglalaman ng aspirin ang iyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong surgeon. Maaaring kailanganing ihinto ang mga ito bago ang operasyon.

*Maliban kung iba ang sinabi ng iyong doktor, surgeon o anesthesiologist, mangyaring atasan ang iyong anak na sumunod sa mga alituntunin sa ibaba para sa pag-inom ng gamot bago ang operasyon.*

## Dalawang linggo bago ang operasyon/procedure:

IHINTO ang pag-inom ng lahat ng herbal supplement.

## Tatlong araw bago ang operasyon:

IHINTO ang pag-inom ng lahat ng non-steroidal at anti-inflammatory (laban sa pamamaga) na gamot, tulad ng Advil, Aleve, DayPro, Feldene, Ibuprofen, Indocin, Lodine, Motrin, Naproxen, Naprosyn at Voltaren.

## Sa umaga ng operasyon ng iyong anak:

Tiyaking iinumin ang iyong anak ang LAHAT ng iba pang karaniwang iniresetang gamot na pang-umaga kasabay ng kaunting higop ng tubig. Kung gumagamit ng inhaler para sa hika ang iyong anak, ipagamit ito sa kanya at dalhin ito sa ospital.

# Mahahalagang tagubilin

## Ang araw bago ang operasyon:

- ☐ Tumawag sa iyong surgeon kung nakakaranas ang iyong anak ng anumang pagbabago sa kalusugan, kasama na ang sipon, trangkaso, lagnat, impeksyon sa pantog, pantal, pagtatae o iba pang impeksyon.
- ☐ Basahin at sundin ang mga tagubilin sa diyeta bago ang operasyon sa pahina apat ng booket na ito.

## Sa araw ng operasyon:

- ☐ Paliguan ang iyong anak at hugasan ang kanyang buhok bago pumunta sa ospital. Huwag gumamit ng anumang mga produktong pambuhok pagkatapos hugasan ang kanyang buhok. Maaari itong gawin sa gabi bago ang operasyon.
- ☐ HUWAG hayaang magsuot ng kolorete sa mukha ang iyong anak o gumamit ng mga produkto para sa personal na pangangalaga tulad ng hairspray, pabango, mga gel, aftershave, mga cream para sa mukha, mga langis, mga lotion o conditioner ng buhok. Gumamit lang ng sabon at shampoo.
- ☐ Magpasuot ng maluwag at kumportableng damit sa iyong anak.
- ☐ Alisin ang lahat ng alahas ng iyong anak at iwanan sa bahay (kasama na ang alahas na isinusuot araw-araw).
- ☐ Tiyaking sinusunod ng iyong anak ang mga tagubilin sa diyeta bago ang operasyon (tingnan ang chart sa pahina 4). **Kung hindi nasunod ang mga tagubilin, maaantala o posibleng makansela ang procedure o operasyon.**
- ☐ Dumating sa ospital sa tamang oras.
- ☐ Maglaan ng oras para sa pagpaparada (tingnan ang mapa sa booklet na ito).
- ☐ Kung gumagamit ang iyong anak ng mga inhaler para sa hika, dalhin ang mga ito.
- ☐ Magdala ng patunay ng pansamantalang pagiging tagapangalaga, kung kinakailangan.
- ☐ Kung may mga espesyal na pangangailangan sa diyeta ang iyong anak, mangyaring magdala ng gustong pagkain.
- ☐ Maaaring mag-iba-iba ang mga rate ng bayad sa paradahan sa garahe ng Swedish. Mangyaring magdala ng pera, debit o credit card para sa bayad. Hindi napatotohanan ang paradahan.

MAHALAGA

## MGA TAGUBILIN SA DIYETA BAGO ANG OPERASYON

| | |
|---|---|
| **8** na oras bago mag-check in | **PAHINTUIN** ang iyong anak sa pagkain ng anumang solidong pagkain. Patuloy na payagan ang mga likido.<br>**WALANG PAGKAIN**<br>**WALANG MGA LOZENGE**<br>**WALANG GUM** |
| **6** na oras bago mag-check in | **IHINTO** ang pagbibigay sa iyong anak ng mga likido kung saan hindi ka makakabasa ng dyaryo kapag itinapat ito.<br>**HUWAG** magbigay ng anumang uri ng gatas (maliban sa gatas ng ina), juice na may sapal o formula.<br>**PATULOY** na payagan ang gatas ng ina na walang mga additive at mga malinaw na likido kung saan makakabasa ka ng dyaryo kapag itinapat ito.<br>Okay lang na magbigay ng 7-up, Gatorade, simpleng jello, juice ng mansanas na walang sapal.<br>**WALANG GATAS**<br>**WALANG FORMULA**<br>**WALANG JUICE NA MAY SAPAL**<br>**WALANG MGA NECTAR NG PRUTAS**<br>**WALANG MGA SMOOTHIE** |
| **4** na oras bago mag-check in | **IHINTO** ang gatas ng ina. |
| **2** na oras bago mag-check in | **IHINTO** ang pagbibigay sa iyong anak ng kahit ano sa pamamagitan ng bibig maliban sa gamot alinsunod sa utos ng iyong doktor.<br>**WALANG TUBIG**<br>**WALANG MGA MALINAW NA LIKIDO** |

**Maliban kung iba ang sinabi ng doktor, surgeon o anesthesiologist ng iyong anak, dapat sundin ng iyong anak ang mga tagubilin sa diyeta bago ang operasyon na ito. Kung hindi nasunod ang mga tagubilin, maaantala o posibleng makansela ang procedure o operasyon.**

# Recovery room

Sa loob ng recovery room, aalagaan ang iyong anak ng mga espesyal na sinanay na nurse. Iba-iba ang tagal ng oras na gugugulin ng iyong anak sa pagpapagaling. Nauunawaan namin kung gaano kahalaga ang iyong kaginhawaan at suporta sa pagpapagaling ng iyong anak, kaya titiyakin naming makikita mo ang iyong anak sa lalong madaling panahon.

# Pananatili sa ospital

Kung nakaiskedyul ang iyong anak na manatili sa ospital pagkatapos ng operasyon, hinihikayat naming manatili nang magdamag ang isang nasa wastong gulang sa kabuuan ng tagal ng pananatili. Sa kasamaang palad, ang Swedish ay hindi nagbibigay ng pag-aalaga ng bata para sa sinumang mga bata na hindi mga kasalukuyang pasyente. Hindi maaaring manatili nang magdamag ang mga kapatid sa kwarto ng naospital na bata. Ang mga oras ng pagbisita sa pasyente ay 5 a.m. hanggang 9 p.m. Maaaring bumisita ang mga kapatid sa mga oras na ito; dapat ay may kasamang nasa wastong gulang ang mga batang wala pang 12 taon.

# Pagpaplano ng pagbalik sa bahay

Magtanong sa opisina ng iyong surgeon tungkol sa pangangalaga ng iyong anak sa bahay pagkatapos ng procedure. Sa araw na nakaiskedyul ang pag-uwi ng iyong anak (alinman sa araw ng procedure o pagkatapos ng inpatient na pananatili), **dapat** ay naroon ka o ang isa pang awtorisadong nasa wastong gulang upang iuwi ang iyong anak. (Kakanselahin ang procedure kung walang nasa wastong gulang na kasama ang bata sa araw ng procedure.) **Hindi** maaaring ipagmaneho ng mga bata ang kanilang sarili o magbiyahe pauwi sakay ng bus. Maaari silang sumakay ng taxi kasabay ng isang nasa wastong gulang na kasama. Dapat ay may kasama ang lahat ng pasyente, anupaman ang edad, sa kabuuan ng unang gabi sa bahay pagkatapos ng procedure o inpatient na pananatili.

# Mga child life specialist

Sa Swedish, nauunawaan namin ang mga takot at pagkalitong maaaring mayroon ang isang bata tungkol sa pananatili sa ospital. Iyon ang dahilan kung bakit mahalagang bahagi ang mga child life specialist ng aming pangkat ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ng mga bata. Ang mga child life specialist sa Swedish ay tumutulong sa mga bata at sa kanilang mga pamilya na makaangkop sa mga hamon ng pananatili sa ospital na nauugnay sa emosyon at paglaki.

Sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa pamilya, kultura at antas ng paglaki ng bawat bata, ang mga child life specialist ay:

- Gumagamit ng laro at pagtuturo na naaangkop sa paglaki upang maihanda ang mga bata para sa operasyon, mga procedure, diagnosis at mga panggagamot
- Nagsusumikap upang mahikayat ang pag-unlad ng emosyon, pakikisalamuha at paglaki ng bata habang bumibisita sa ospital
- Gumagamit ng pagtuturo o medikal na paglalaro bago ang procedure bilang paraan upang matugunan ang mga takot at maling akala ng mga bata tungkol sa ospital
- Nagbibigay ng suporta at positibong karanasan para sa mga bata at pamilya kasama na ang mga pagkakataon para sa paglalaro, pagsasaya, pag-aaral at pagpapahayag ng nararamdaman



## Paghahanda ng iyong anak para sa pagbisita sa ospital

Makakatulong na mawala ang maraming karaniwang takot at alalahanin kung malalaman kung ano ang dapat asahan kapag bumisita ka sa ospital. Sa pagsusumikap na suportahan ang mga bata at ang kanilang mga pamilya sa proseso ng operasyon sa Swedish, ang Child Life Program ay nagbibigay ng mga paglilibot bago ang operasyon upang maihanda ang mga bata at mga caregiver para sa paparating na nakaiskedyul na operasyon/ procedure. Ang mga ito ay mga one-on-one na session na kinabibilangan ng pagtuturo na naaangkop sa edad at paglilibot sa mga kwarto bago ang operasyon, para sa operasyon at pagkatapos ng operasyon/kwarto ng pasyente na mga bahagi ng ospital. Kapag makikita at maririnig ng iyong anak ang mga mararanasan niya sa araw ng operasyon, maaari siyang mapanatag at matutunan niya ang tungkol sa ospital. Ang mga paglilibot ay masaya, interactive at iniangkop upang matugunan ang mga pangangailangang nauugnay sa pakikisalamuha at emosyon ng iyong anak at pamilya.

***Kung mayroon kang mga tanong o gustong mag-iskedyul ng paglilibot bago ang operasyon, pakitawagan ang pangkat ng child life sa 206-386-6283.***

## Mithiin

Sinusubukan ng mga child life professional sa Swedish na mabawasan ang epekto ng mga nakaka-stress at nakakatakot na kaganapan at sitwasyon sa buhay na nakakaapekto sa paglaki, kalusugan at kapakanan ng mga sanggol, bata, kabataan at pamilya. Kinikilala ng mga child life specialist ang kahalagahan ng paglalaro bilang paraan ng pagpapagaling habang nagsusumikap sila upang mapabuti ang normal na paglaki ng mga sanggol, bata at kabataan sa pamamagitan ng pagtatasa, pamamagitan, pagpigil sa sakit, pagtataguyod at pagtuturo.

# Pag-aalaga sa paggamit ng anesthesia

***Mangangailangan ng anesthesia habang isinasagawa ng procedure upang mapanatiling walang nararamdamang sakit ang iyong anak.***

## Ano ang tungkulin ng pediatric anesthesiologist?

Ang anesthesiologist ay isang doktor na may espesyal na pagsasanay na siyang gumagawa ng ligtas na kapaligiran para sa iyong anak upang makapagsagawa ng procedure ang isang surgeon. Ang anesthesiologist ay nagbibigay ng gamot na anesthesia at patuloy na sinusubaybayan ang medikal na kundisyon ng iyong anak. May tatlong yugto ang anesthesia: pagtulog, pananatiling tulog at paggising.

## Sino ang magiging anesthesiologist ng aking anak?

Ang iyong anak ay bibigyan ng anesthesia ng isang anesthesiologist na may kasanayan sa pediatric anesthesiology. Itatalaga ang anesthesiologist para sa iyong anak sa gabi bago ang procedure. Upang humiling ng partikular na anesthesiologist, tumawag sa 206-215-3656.

## Kailan ko makikilala ang anesthesiologist?

Makikilala mo ang anesthesiologist sa araw ng procedure na siyang magtatanong sa iyo tungkol sa kasaysayang medikal ng iyong anak at makikipag-usap sa iyo tungkol sa plano sa anesthesia. Maaari kang makipag-usap sa isang anesthesiologist bago ang oras na ito sa pamamagitan ng pagtawag sa 206-215-3656.

Pagkatapos, hihilingin sa iyong lumagda sa isang form ng pahintulot sa partikular na anesthesia na kumikilala sa talakayan ninyo ng anesthesiologist at sa iyong pag-unawa at pagtanggap sa napagkasunduang pamamahala sa anesthesia ng procedure ng iyong anak.

## Paano ibibigay ang anesthesia?

Mayroong iba't ibang paraan, kasama na ang pagbibigay ng gamot sa paraang intravenous (sa pamamagitan ng ugat) o sa paggamit ng mask para sa paglanghap ng anesthetic na agent. Pipiliin ng anesthesiologist ang pinakaligtas na paraan para sa iyong anak batay sa edad, personalidad, dating karanasan sa mga anesthesia at mga espesyal na kundisyong medikal ng anak.

## Makakatanggap ba ng paunang gamot ang aking anak?

Maaaring piliin ng anesthesiologist na bigyan ang iyong anak ng paunang gamot (gamot bago ang isang procedure). Gayunpaman, maaaring maging kapaki-pakinabang tulad ng isang gamot ang ginhawa ng presensya ng magulang sa panahon ng pagtulog ng bata.

## Maaari ko bang samahan ang aking anak habang natutulog siya?

Marami sa mga batang nasa pagitan ng 1 at 8 taong gulang ang maaaring bigyan ng anesthesia habang naroon ang isang magulang. Dahil sa kaligtasan, gayunpaman, kung ang bata ay may malalang problemang medikal, magkakaroon ng emergency na operasyon o wala pang 1 taong gulang, **hindi** maaaring naroon ang mga magulang. Nakakayanan ng karamihan sa mas nakakatandang bata kahit na walang kasamang magulang.

Bagama't ang anesthesiologist ang magpapasya sa plano sa anesthesia ng iyong anak, tutugunan sa araw ng procedure ang anumang mga kagustuhan mo o ang kagustuhan ng iyong anak. Mangyaring malaman na isang kritikal na proseso ang pagbibigay ng anesthesia. Ang kaligtasan ng iyong anak ang pangunahing alalahanin ng anesthesiologist sa lahat ng oras. Kung naroon ka habang binibigyan ng anesthesia ang iyong anak, dadalhin ka sa waiting area sa sandaling nakatulog na ang iyong anak.

## Papayagan ba ako sa recovery room kapag nagising na ang aking anak?

Kapag nagising na ang iyong anak at malayo na sa kapahamakan, papayagan ang isang magulang sa post-anesthesia care unit (PACU). Pagkatapos mailipat ang iyong anak sa pangalawang recovery unit at naghahanda nang umuwi, maaaring naroon ang dalawang magulang. Hindi pinapayagan ang mga kapatid sa mga recovery room.

## Paano ibibigay ang gamot para sa pananakit?

Ang gamot para sa pananakit ay kadalasang ibinibigay sa paraang intravenous. Kung kinakailangan, maaaring bigyan ang iyong anak ng iuuwing oral na gamot.

## FORM NG PAHINTULOT NG PASYENTE NG SWEDISH MEDICAL CENTER DEPARTMENT OF ANESTHESIOLOGY

Ang Anesthesiology ay isang espesyalidad ng medisina. Ang iyong anesthesiologist ay isang dalubhasang doktor na magbibigay sa iyo ng pag-aalaga sa paggamit ng anesthesia sa buong kahabaan ng medikal na procedure, operasyon o obstetrical na procedure. Ang iyong pag-aalaga sa paggamit ng anesthesia ay ibibigay ng isa o higit pang mga anesthesiologist na mga miyembro ng Swedish Department of Anesthesiology. Ang Form ng Pahintulot ng Pasyente na ito ay isang pandagdag sa Pahintulot para sa Operasyon at Form ng Iba pang Invasive na Procedure ng Panggagamot.

Ang sumunod na impormasyon ay isang paglalarawan sa anesthesia o sedation na gagamitin at isang listahan ng mga panganib na maaaring maganap. Sana ay makatulong sa iyo ang impormasyon na maunawaan ang iyong procedure ng anesthesia at mapahintulutan ka na makapagtanong sa iyong anesthesiologist. Hindi nilalayon ng listahang ito na takutin o pahinain ang iyong loob na sumailalim sa iyong procedure, ngunit ito ay para ipagbigay-alam sa iyo na ang lahat ng medikal na procedure ay may panganib, at kung minsan ay may nagaganap na mga hindi inaasahang pangyayari. Maaaring kabilang, ngunit hindi limitado, sa nasabing mga panganib at kumplikasyon ang mga sumusunod:

**General Anesthesia**: Pagkahilo, allergic/hindi magandang reaksyon sa gamot, pananakit ng lalamunan, pamamalat, pinsala sa labi/mga ngipin/mga vocal chord/daanan ng hangin sa katawan, impeksyon, pneumonia, aspiration, pinsala sa ugat, pinsala sa mata, pinsala sa mga artery o vein, kamalayan habang may anesthesia, mga seizure, paralysis, stroke, pinsala sa puso/baga/utak at kamatayan.

**Neuraxial Anesthesia** (Epidural o Spinal): Pananakit ng likod, sakit ng ulo, mga pagbabago sa presyon ng dugo, kabiguang magkabisa ng epidural o spinal at ang pangangailangan ng general anesthesia, pagdurugo, reaksyon sa gamot, hindi tamang paghinga, impeksyon, pinsala sa ugat, paralysis, mga seizure.

**Regional Anesthesia (Anesthesia sa Isang Bahagi ng Katawan)**: Kaunting pananakit o kawalan ng ginhawa, allergic na reaksyon, hindi pagtalab ng anesthesia para hindi makaramdam ang isang parte ng katawan, pagdurugo, impeksyon, pinsala sa ugat, pinsala sa mga artery o vein, may natitirang pagkamanhid o panghihina, hindi tamang paghinga, mga seizure, spinal o epidural block, sakit sa ulo, stroke, pinsala sa puso/baga/utak, kamatayan at pangangailangan ng general anesthesia.

**Transesophageal Echocardiography**: Pananakit ng lalamunan, pinsala sa labi, mga ngipin, bibig, lalamunan, esophagus, o tiyan, pamamalat, hirap sa paglunok, masakit kapag lumunok, aspiration at impeksyon.

SAMPLE

Aking nauunawaan na may kasamang panganib ang pagtatanggap ng anesthesia para sa anumang operasyon o procedure, at walang mga pangako o pagtitiyak ang magagawa hinggil sa mga reaksyon ng aking katawan sa mga anesthetic na agent, iba pang mga gamot o procedure na may kinalaman sa aking pag-aalaga sa paggamit ng anesthesia. Ang lahat ng procedure ay maaaring may hindi inaasahang mga panganib.

Aking nauunawaan na para sa ilang partikular na procedure, maaaring kailanganin ang mas invasive na pagbabantay, tulad ng mga arterial line, central line o transesophageal echocardiography. Habang isinasagawa ang aking procedure, maaaring magbago ang kundisyon ng aking katawan, at samakatuwid, maaaring kailangang baguhin ang uri ng anesthesia at/o pagbabantay. Ang anumang pagbabago sa plano sa aking anesthesia ay gagawin kung saan ang aking kaligtasan ang unang isasaalang-alang ng aking anesthesiologist.

Aking pinatotohanan na aking ipinagbigay-alam sa aking anesthesiologist at iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang lahat ng gamot, kasama na ang inirereseta, over the counter, mga alternatibong panlunas at mga supplement at anumang iba pang mga recreational na gamot o pag-inom ng alak. Aking pinatotohanan rin na aking ipinagbigay-alam sa aking doktor ang lahat ng aking tukoy na allergy, aking kasaysayang medikal, at pati na rin ang anumang mga problema na aking naranasan sa alinman sa dati kong mga anesthesia. Aking nauunawaan na ang Swedish ay isang pasilidad ng pagtuturo, at ang mga residente o mga tao dito ay maaaring maging bahagi ng aking pag-aalaga sa paggamit ng anesthesia sa ilalim ng direktang pamamahala ng aking anesthesiologist. Maaari din akong tiyak na tumanggi na payagan silang lumahok sa pag-aalaga sa akin. MALIBAN kung malinaw kong naipahayag sa aking surgeon at aking anesthesiologist na nais kong manatiling may-bisa ang aking DNR na utos, nauunawaan ko na sa aking pagbibigay ng pahintulot sa anesthesia, ako ay nagpapahintulot din sa isang pansamantalang pagsususpinde ng anumang “do not resuscitate o huwag pabalikin ang malay-tao” na utos hangga't ako ay ganap na gumaling mula sa mga epekto ng anesthesia.

Aking nauunawaan na ipinagbigay-alam sa akin ang aking mga opsyon sa anesthesia, at pati na rin ang mga panganib at benepisyo ng iba't ibang opsyon. Ako ay sumasang-ayon sa plano sa anesthesia, kasama na ang paraan ng pagbibigay at pagsubaybay rito na natalakay na sa akin. Aking nauunawaan na ako ay nagkaroon o magkakaroon ng pagkakataon na makapagtanong at talakayin ang aking plano sa anesthesia hanggang ako ay masiyahan sa mga ibinigay na sagot at impormasyon. Aking nauunawaan na maaari kong bawiin ang pahintulot na ito kahit kailan bago magsimula ang anesthesia.

Lagda ng Pasyente o
Kinatawan ng Pasyente ______________________________ Petsa ____________ Oras ____________

Naka-print na Pangalan ng Pasyente/Kinatawan ______________________________

Lagda ng Anesthesiologist ______________________________ Petsa ____________ Oras ____________

Naka-print na Pangalan ng Anesthesiologist ______________________________

PATIENT LABEL

SWEDISH
SEATTLE, WASHINGTON

Form 76248-TAGALOG Nonstock Rev. 9/09 CC

FORM NG PAHINTULOT NG PASYENTE NG SWEDISH MEDICAL CENTER DEPARTMENT OF ANESTHESIOLOGY

# Mga bagay na dapat malaman bago ka pumunta para sa pananatili sa ospital

## Mga bisita sa panahon ng iyong pananatili

Ang mga pasyente ang pangunahin naming priyoridad sa Swedish. Alam namin na makakatulong kung bibisita sa iyong anak sa ospital ang pamilya at mga kaibigan. Gayunpaman, maaaring limitahan ng kawani ang mga pagbisitang ito dahil nangangailangan ng pangangalaga at pahinga ang pasyente o kung may kasamang ibang pasyente sa kwarto. Mangyaring kausapin ang iyong nurse tungkol sa pinakamainam na oras at tagal para sa mga pagbisita. Hihilingin sa mga pamilya at kaibigan na planuhin ang mga pagbisita nang sa gayon ay hindi sa pare-parehong oras bibisita ang lahat.

## Kinakailangan ang mga badge ng I.D. ng bisita pagkatapos ng mga oras ng pagbisita

Para sa kaligtasan, bibigyan ng pansamantalang badge ang mga bisitang pupunta sa ospital pagkatapos ng 9 p.m. o bago mag-5 a.m. Mangyaring hilingin sa nurse sa unit na tulungan ang iyong bisita na makakuha ng badge ng I.D. Tatanungin ng seguridad ang sinumang walang badge ng I.D. pagkatapos ng mga oras ng pagbisita.

## Mga alagang hayop at nagseserbisyong hayop

Alam namin na maaaring maging parte ng pamilya ng pasyente ang mga alagang hayop. Gayunpaman, dahil sa mga pangkalahatang isyu sa kalusugan, ang mga nagseserbisyong hayop at hayop na tumutulong sa therapy lang ang maaaring bumisita.

## Kung naninigarilyo ka

Ang mithiin namin sa Swedish ay gawing mas mahusay ang kalusugan at kapakanan ng bawat taong pinaglilingkuran namin, kasama na ang mga pasyente, pamilya, bisita, kawani, doktor, boluntaryo at iba pa. Bahagi ng mithiing iyon ang makapagbigay ng ligtas at malusog na kapaligiran. Kasama sa malusog na kapaligiran ang pasilidad na walang naninigarilyo at nagtatabako. Ipinagmamalaking sabihin ng Swedish na walang naninigarilyo at nagtatabako sa amin sa loob at labas ng gusali, sa lahat ng campus at sa lahat ng aming outpatient na klinika. Kasama sa patakarang ito ang paggamit ng mga electronic cigarette (mga e-cigarette) o anumang iba pang katulad na aparato, gayundin ng mga produkto ng nginunguyang tabako. Habang nananatili sa ospital, hindi papayagan ang iyong anak na umalis sa gusali upang manigarilyo. Kung nakadepende sa produktong may nicotine ang iyong anak, nag-aalok kami ng mga nicotine-replacement therapy; nakahanda na ang mga ito upang magamit at sisingilin bilang bahagi ng mga benepisyo ng insurance ng iyong anak.

Ang mga bisitang pipiliing manigarilyo ay dapat wala sa ari-arian ng Swedish o sa mga garahe ng paradahan, at hindi dapat bababa sa 25 talampakan ang layo mula sa mga pasukan, labasan ng gusali, mga bintanang maaaring bumukas, air con, vent o iba pang mga system na pinapasukan ng hangin, alinsunod sa binalangkas ng batas ng estado.

May sinusuportahang programa ang Swedish upang matulungan ka o sinuman sa iyong mga kaibigan, pamilya o bisita na tumigil sa paninigarilyo. Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa programa, mangyaring tumawag sa 1-800-QUIT-NOW.

## Paggamit ng electronic na kagamitan

Sa loob ng ospital, limitado ang paggamit ng cell phone, pager o laptop computer. Hindi dapat bababa sa 10 talampakan ang layo mo mula sa anumang medikal na kagamitan. Sa mga pasilyo at waiting room ang pinakamahusay na lugar na gamitin ang mga aparatong ito.

## Pagpigil sa mga pagkahulog o pagkadapa

Habang nasa ospital ka, maaaring mas malaki ang panganib na mahulog o madapa ang iyong anak. Maaari itong mangyari dahil hindi siya pamilyar sa kanyang mga kapaligiran, gamot, naibang pattern ng pagtulog o tubo, kurdon at makina na nagpapahirap sa paggalaw. Dahil maaaring magdulot ng mga bagong pinsala o hadlang sa paggaling ng iyong anak ang mga pagkahulog o pagkadapa, gusto nating gawin ang lahat ng posibleng bagay upang mapigilan ang mga ito. Makakatulong ka sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pag-iingat na ito:

- Tulungan ang iyong anak sa paghiga at pagtayo sa kama
- Tulungan ang iyong anak na dahan-dahang gumalaw upang bumangon
- Pasuotin ang iyong anak ng hindi madulas na sapin sa paa
- Iulat ang anumang mga tumapon
- Gumamit ng night-light
- Hikayatin ang iyong anak na gumamit ng mga handrail sa banyo at mga pasilyo
- Kung naaangkop, tulungan ang iyong anak upang magamit ang kagamitan sa ospital tulad ng mga walker at tungkod

## Tulong sa pakikipag-ugnayan

Ang Swedish ay maaaring magbigay ng interpretasyon, interpretasyon ng sign language, mga pantulong na aparato, isinalin at malaking print na babasahin ng pasyente nang walang bayad kapag hiniling. Kung nakaranas ka, ang iyong anak, ang iyong mga bisita o ang taong sumusuporta sa iyo ng anumang pagkawala ng paningin, pagsasalita at/o pandinig, o kung hindi Ingles ang una mong wika at kailangan mo ng suporta sa pakikipag-ugnayan, mangyaring abisuhan kami.

## Pagbabayad para sa mga gamot na iuuwi sa bahay

Kapag pinalabas ang iyong anak sa Swedish, maaaring iutos ng iyong doktor na mag-uwi ang iyong anak ng isa o higit pang mga gamot. Makakatulong sa iyo ang sumusunod na impormasyon na maagang magplano para sa posibilidad na ito:

- Mangyaring magdala ng pera o debit o credit card upang pambayad sa anumang (mga) ireresetang gamot sa paglabas/pag-uwi.
- Maaari mong piliing kunin ang mga iniresetang gamot sa paglabas ng iyong anak mula sa isa sa aming mga parmasya sa Swedish sa aming mga campus (Cherry Hill, Edmonds, First Hill, Issaquah o sa Orthopedic Institute) o sa isang nasa labas na parmasya.
- Hingin sa iyong doktor o nurse ang nilagdaang papel na kopya ng reseta ng iyong anak na dadalhin mo sa parmasya. Kailangan ang papel na kopya sa lahat ng oras, sa anumang parmasyang pipiliin mo.
- Mangyaring maging handa na bayaran ang reseta ng iyong anak kapag kinuha mo ito. Ang iyong bahagi sa singilin ay nakadepende sa saklaw sa inireresetang gamot ng iyong anak (kasama na ang pribadong insurance, Medicare, Medicaid at mga claim sa Labor at Industries). Kung ang iyong anak ay may insurance sa reseta, mangyaring gawing available ang kanyang card ng insurance ng reseta sa oras ng pagkuha upang matiyak na mayroon kami ng tamang impormasyon sa pagsingil.

# 10 na mga tip para sa mas ligtas na pangangalagang pangkalusugan

## *Ano ang magagawa mo upang maging isang aktibong katuwang sa iyong pangangalagang pangkalusugan.*

*Nagkakaroon ng magandang pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtutulungan sa pagitan mo at ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Narito ang ilang mga tip tungkol sa kung paano ka maaaring makipagtulungan sa iyong mga provider upang makuha ang pinakamainam na pangangalagang pangkalusugan.*

### 1. Makibahagi sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

- Sabihin sa bawat provider ang tungkol sa nakuha mo nang pangangalagang pangkalusugan at sino ang nagbigay nito.
- Ipaalam sa kanila ang tungkol sa anumang iba pang mga panggagamot na nasubukan mo na hindi inireseta ng doktor, gaya ng mga herbal na panggagamot, lunas sa bahay o acupuncture.
- Sabihin sa iyong mga provider ang tungkol sa anumang mga pangangailangan na maaaring mayroon ka na nauugnay sa kultura at pananampalataya.
- Upang matiyak na nauunawaan mo ang mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan, ulitin ang mga ito sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan.
- Ipaalam sa sinumang provider kung hindi ka sigurado tungkol sa anumang bahagi ng iyong pangangalaga. Kung sa tingin mo ay maaaring hindi ligtas ang isang bagay, sabihin kaagad sa iyong mga provider.

### 2. Magtanong, magtanong, magtanong.

- Kapag pumili ka ng provider ng pangangalagang pangkalusugan, pumili ng madaling kausapin tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.
- Tanungin ang iyong provider kung kailan at paano mo makukuha ang mga resulta ng anumang pagsusuri o panggagamot. Kapag nakuha mo ang mga resulta, tiyaking alam mo kung ano ang ibig sabihin ang mga resulta para sa iyo.
- Hayaang ipaliwanag ng iyong provider ang iyong mga opsyon sa panggagamot, anumang mga panganib ng panggagamot at kung paano makakatulong ang panggagamot.
- Kumuha ng pangalawang opinyon kung hindi ka nakakatiyak tungkol sa kung anong panggagamot ang pipiliin.
- Alamin ang mga pagbabagong kailangan mong gawin upang makatulong na gumaling ka.

***Mga bonus na tip:***

- Gumawa ng mga paunang pasya tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga Paunang Direktiba na ito:
  - Isang form ng Power of Attorney na nagbibigay-daan sa iyong piliin kung sino ang gusto mong magsalita para sa iyo kung hindi mo kayang magsalita.
  - Isang form ng Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan, o Living Will, na nagsasabi sa iyong provider kung kailan o kung bibigyan ka ng panggagamot upang manatili kang buhay.
- Para sa higit pang tulong sa mga paunang direktiba, magtanong sa:
  - Iyong provider
  - Iyong nurse sa panahon ng iyong appointment sa klinika ng preadmission

### 3. Magdala ng miyembro ng pamilya o kaibigan upang maging katuwang mo sa pangangalaga.

- Pumili ng isang taong magsasalita para sa iyo at tutulong na gawin ang mga bagay-bagay para sa iyo.
- Ipakita sa iyong katuwang sa pangangalaga kung saan makikita ang iyong mga medikal na talaan sa bahay. Ipaalam sa kanila kung anong mga gamot ang iniinom mo at kung saan matatagpuan ang mga ito.
- Planuhin na mananatili kasama mo ang iyong katuwang sa pangangalaga sa mga eksaminasyon, panggagamot at sa ospital.
- OK lang na magtanong at magsulat ng mga tala ang iyong katuwang sa pangangalaga.

### 4. Atasan ang bawat provider na kilalanin ka bago ka nila gamutin.

- Hilingin sa mga provider na suriin ang dalawang form ng pagkakakilanlan sa tuwing pangangalagaan ka nila.
- Kung binigyan ka ng wristband, tiyaking may pangalan ka rito at tama ang pagkakabaybay ng iyong pangalan.
- Gayundin, hanapin ang badge ng pangalan sa lahat ng provider na mag-aalaga sa iyo.

## 5. Magbahagi sa iyong mga provider ng listahan ng lahat ng gamot na iniinom mo.

- Isama sa listahan ang lahat ng gamot, vitamin, herb at supplement.
- Dalhin ang listahan sa bawat pagbisita.
- Ipaalam sa iyong provider ang tungkol sa iyong mga allergy.
- Ipaalam sa iyong provider kung nagkaroon ka ng hindi magandang reaksyon sa anumang mga gamot.

## 6. Alamin ang tungkol sa iyong mga gamot.

- Itanong sa iyong provider kung para saan ang bagong gamot at kung paano ito makakatulong sa iyo.
- Ipasulat ang mga pangalan ng brand at anumang iba pang mga pangalan ng gamot para sa iyo.
- Alamin kung paano iinumin ang gamot at kung gaano katagal.
- Humingi sa pharmacist ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang dapat bantayan habang iniinom mo ang gamot.

## 7. Pigilan ang impeksyon.

- Gumamit ng alcohol hand gel o hugasan ang iyong mga kamay. Ang paglilinis ng kamay ang pinakamahalagang bagay na magagawa mo upang hindi magkasakit.
- Tanungin ang sinumang mag-aalaga sa iyo, “Gumamit po ba kayo ng alcohol hand gel o hinugasan ang inyong mga kamay?”
- Sabihin sa pamilya o mga kaibigan na huwag bumisita o tumabi sa iyo kung mayroon silang sipon, trangkaso o ubo.

## 8. Maghanda para sa mga panggagamot at operasyon.

- Bago ang iyong panggagamot o operasyon, alamin kung anong mga gamot ang dapat inumin o hindi dapat inumin, ano ang maaari o hindi mo maaaring kainin o inumin at ano ang dapat o hindi mo dapat suotin.
- Tiyakin na nagkasundo ka at ang iyong mga provider sa kung ano ang gagawin sa panahon ng panggagamot o operasyon.
- Tulungan ang iyong provider na mahanap at markahan ang ooperahang parte ng iyong katawan.
- Tiyaking ang parte lang ng iyong katawan na ooperahan ang may marka. Maaaring maging nakakalito kung may marka ang iba pang mga lugar.

## 9. Hilingin sa iyong provider na ipaliwanag kung ano ang kailangan mong gawin upang mapangalagaan ang iyong sarili sa bahay.

- Alamin kung kailan mo maaaring muling simulan ang iyong mga karawaning aktibidad.
- Kunin ang numero ng telepono ng taong tawagan para sa mga tanong.
- Alamin kung kailan at saan ang iyong susunod na appointment.
- Hayaang makinig sa mga tagubilin ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan.

## 10. Matutunan ang tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at panggagamot.

- Kumuha ng impormasyon hangga't kaya mo tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at panggagamot.
- Bisitahin ang aming Online na Health Library sa www.swedish.org/healthlibrary. Ang online na library ay isang mayamang mapagkukunan na may mga fact sheet ng procedure at operasyon pati impormasyon tungkol sa maraming kundisyon, gamot at opsyon sa panggagamot.

OK LANG NA MAGTANONG

KUNG MAYROON KANG ANUMANG MGA TANONG TUNGKOL SA ANUMANG BAHAGI NG IYONG PANGANGALAGA, OK LANG NA MAGTANONG.

# Mga FAQ
(mga madalas itanong)

tungkol sa

## "Mga Impeksyon sa Lugar ng Operasyon"

*Ano ang Impeksyon sa Lugar ng Operasyon (Surgical Site Infection o SSI)?*

Ang impeksyon sa lugar ng operasyon ay isang impeksyon na nangyayari pagkatapos ng operasyon sa parte ng katawan kung saan inoperahan. Karamihan sa mga pasyenteng naoperahan ay hindi nagkakaroon ng impeksyon. Gayunpaman, nagkakaroon ng mga impeksyon sa humigit-kumulang 1 hanggang 3 sa bawat 100 pasyente na naoperahan.

Ang ilan sa mga karaniwang sintomas ng impeksyon sa lugar ng operasyon ay:

- Pamumula at pananakit sa palibot ng lugar kung saan ka naoperahan
- Paglabas ng malabong likido mula sa iyong sugat mula sa operasyon
- Lagnat

*Maaari bang magamot ang mga SSI?*

Oo. Maaaring magamot ng mga antibiotic ang karamihan ng impeksyon sa lugar ng operasyon. Ang antibiotic na ibibigay sa iyo ay nakadepende sa bacteria (mga mikrobyo) na nagdulot ng impeksyon. Kung minsan, nangangailangan din ang mga pasyenteng may mga SSI ng isa pang operasyon upang magamot ang impeksyon.

*Ano ang ilan sa mga bagay na ginagawa ng mga ospital upang mapigilan ang mga SSI?*

Upang mapigilan ang mga SSI, ginagawa ng mga doktor, nurse at iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga sumusunod:

- Nililinis ang kanilang mga kamay at braso hanggang sa kanilang mga siko gamit ang antiseptic agent bago isagawa ang operasyon.
- Nililinis ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig o hand rub na gawa sa alcohol bago at pagkatapos alagaan ang bawat pasyente.
- Maaaring alisin ang ilang piraso ng iyong buhok bago mismo ang iyong operasyon gamit ang mga electric clipper kung ang buhok ay nasa parehong bahagi kung saan gagawin ang procedure. Hindi ka nila dapat ahitan gamit ang razor.
- Magsuot ng mga espesyal na pantakip sa buhok, mask, gown, at gwantes habang isinasagawa ang operasyon upang mapanatiling malinis ang lugar ng operasyon.
- Bibigyan ka ng mga antibiotic bago magsimula ang iyong operasyon. Kadalasan, dapat kang uminom ng mga antibiotic sa loob ng 60 minuto bago magsimula ang operasyon at dapat ihinto ang mga antibiotic sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng operasyon.
- Lilinisin ang balat sa lugar ng iyong operasyon gamit ang espesyal na sabon na nakakapatay ng mga mikrobyo.

*Ano ang maaari kong gawin upang makatulong na mapigilan ang mga SSI?*

***Bago ang iyong operasyon:***

- Sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa iba pang mga medikal na problema na maaaring mayroon ka. Maaaring makaapekto sa iyong operasyon at iyong panggagamot ang mga problema sa kalusugan gaya ng mga allergy, diabetes at sobrang katabaan.
- Tumigil sa paninigarilyo. Nakakakuha ng mas maraming impeksyon ang mga pasyenteng naninigarilyo. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa kung paano ka maaaring tumigil bago ang iyong operasyon.
- Huwag mag-ahit malapit sa bahagi kung saan ka ooperahan. Kung mag-aahit gamit ang razor, maaaring mairita ang iyong balat at mas madaling magkaroon ng impeksyon.

***Sa panahon ng iyong operasyon:***

- Magsalita kung may taong susubok na ahitan ka gamit ang razor bago ang operasyon. Magtanong kung bakit kailangan kang ahitan at makipag-usap sa iyong surgeon kung mayroon kang anumang mga alalahanin.
- Magtanong kung makakakuha ka ng mga antibiotic bago ang operasyon.

***Pagkatapos ng iyong operasyon:***

- Siguraduhing lilinisin ng iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang kanilang mga kamay bago ka suriin, gamit ang sabon at tubig o hand rub na gawa sa alcohol.

**Kung hindi mo nakitang naglinis ng kanilang mga kamay ang iyong mga provider, mangyaring hilingin sa kanilang gawin ito.**

- Hindi dapat hawakan ng mga bumibisitang pamilya at kaibigan ang sugat mula sa operasyon o mga bendahe.
- Dapat linisin ng pamilya at mga kaibigan ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig o hand rub na gawa sa alcohol bago at pagkatapos bumisita sa iyo. Kung hindi mo nakitang nilinis nila ang kanilang mga kamay, hilingin sa kanilang linisin ang kanilang mga kamay.

*Ano ang kailangan kong gawin pagkauwi ko mula sa ospital?*

- Bago ka umuwi, dapat ipaliwanag ng iyong doktor o nurse ang lahat ng dapat mong malaman tungkol sa pangangalaga ng iyong sugat. Tiyaking nauunawaan mo kung paano pangalagaan ang iyong sugat bago ka umalis sa ospital.
- Palaging linisin ang iyong mga kamay bago at pagkatapos gamutin ang iyong sugat.
- Bago ka umuwi, tiyaking alam mo kung sino ang tatawagan kung mayroon kang mga tanong o problema pagkatapos mong umuwi.
- Kung mayroon ka ng anumang mga sintomas ng isang impeksyon, gaya ng pamumula at pananakit sa lugar ng operasyon, pagtutubig o lagnat, tawagan kaagad ang iyong doktor.

Kung mayroon kang mga karagdagang tanong, mangyaring magtanong sa iyong doktor o nurse.

Katuwang na itinataguyod ng:

SHEA The Society for Healthcare Epidemiology of America · IDSA Infectious Diseases Society of America · American Hospital Association · APIC Spreading knowledge. Preventing infection.™ · CDC Centers for Disease Control and Prevention™ · The Joint Commission

397273-TAGALOG (12/13)

# Mga Tala

# Mga Tala

# Mga direksyon at paradahan

## Cherry Hill

500 17th Ave.
Seattle, WA 98122

**Mula sa timog:** Dumaan sa I-5 pa-hilaga patungo sa Labasan ng James Street (164). Kumanan (silangan) sa James Street. Ang James ay magiging Cherry Street. Kumanan (timog) sa 18th Avenue. Kumanan sa Jefferson (kanluran). Kumanan sa pangunahing pasukan (hilaga).
**Mula sa hilaga:** Dumaan sa I-5 pa-timog patungo sa Labasan ng James Street (165A). Kumaliwa (silangan) sa James Street. Ang James ay magiging Cherry Street. Kumanan (timog) sa 18th Avenue. Kumanan sa Jefferson (kanluran). Kumanan sa pangunahing pasukan (hilaga).

### Paradahan

May available na panandaliang paradahan sa Plaza Garage. Pumasok mula sa pangunahing driveway. May available na pangmatagalang paradahan sa 16th Avenue Garage, sa 16th Avenue. Mula sa pangunahing pasukan ng ospital, kumanan sa Jefferson (kanluran). Kumanan sa 16th (hilaga). Nasa block sa kaliwa ang garahe. May available na valet parking sa pangunahing pasukan.

### Preadmission at Operasyon

Nasa desk para sa pagpaparehistro sa pangunahing lobby ang check in para sa preadmission at operasyon.

## First Hill

**Pangunahing ospital**
747 Broadway
Seattle, WA 98122

**Orthopedic Institute**
601 Broadway
Seattle, WA 98122

**Mula sa hilaga:** Dumaan sa I-5 pa-timog patungo sa Labasan ng James Street (Num. 165A). Kumaliwa (silangan) sa James.
**Mula sa timog:** Dumaan sa I-5 pa-hilaga patungo sa Labasan ng James Street (Num. 164A). Kumanan (silangan) sa James.
Maglakbay ng anim na block patungo sa panulukan ng James at Broadway. Kumaliwa (hilaga) sa Broadway. Ang pasukan sa pangunahing ospital ay nasa Broadway, 1.5 block sa kaliwa. Ang pasukan sa Swedish Orthopedic Institute ay nasa Cherry Street, isang block sa kaliwa.

### Paradahan

Para sa pangunahing ospital, kumaliwa sa circular drive ng pasukan sa harap at sundan ang mga karatula patungo sa garahe. Para sa Orthopedic Institute, kumaliwa sa Cherry Street; nasa kaliwa ang pasukan ng garahe.

### Preadmission

Nasa pangunahing ospital sa desk para sa pagpaparehistro sa lobby sa unang palapag ang check in para sa preadmission (pangunahin at orthopedic).

### Operasyon

Nasa desk para sa pagpaparehistro sa lobby sa unang palapag ang check in para sa operasyon sa pangunahing ospital. Nasa pangalawang palapag ng Orthopedic Institute ang check in para sa operasyon sa Orthopedic Institute.






CHERRY HILL CAMPUS



FIRST HILL CAMPUS

## Ballard

5300 Tallman Ave. NW
Seattle, WA 98107

**Mula sa hilaga:** Dumaan sa I-5 pa-timog patungo sa Labasan ng 85th Street (Num. 172). Kumanan (kanluran) sa 85th. Maglakbay ng 30 block patungo sa panulukan ng 85th at 15th Avenue NW. Kumaliwa (timog) sa 15th Avenue NW. Maglakbay ng 16 na block patungo sa panulukan ng 15th at Market Street. Kumanan (kanluran) sa Market. Maglakbay ng tatlong block at kumaliwa (timog) sa Tallman Avenue NW. Kumanan sa pasukan ng garahe ng paradahan.
**Mula sa Timog:** Dumaan sa I-5 pa-hilaga patungo sa Labasan ng 45th Street (Num. 169). Kumaliwa (kanluran) sa 45th Street. Tandaan: Ang 45th Street ay magiging 46th Street at pagkatapos ay magiging Market Street. Maglakbay sa kanluran sa Market ng 17 block patungo sa panulukan ng Market at 15th Avenue NW. Tumawid sa 15th. Maglakbay ng tatlong block at kumaliwa (timog) sa Tallman Avenue NW. Kumanan sa pasukan ng garahe ng paradahan.

**Preadmission at operasyon**

Nasa ikatlong palapag ng ospital sa bahaging timog (south wing) ang check in para sa preadmission at operasyon.

## Issaquah

751 NE Blakely Drive
Issaquah, WA 98029

**Mula sa silangan o kanluran:** Habang naglalakbay patungong silangan o kanluran sa I-90, dumaan sa labasan 18 para sa E. Sunset Way/Highlands Drive.

- ***Habang naglalakbay patungong silangan,*** manatili sa kaliwa doon sa maghihiwalay na daan at pumasok sa Highlands Drive NE.
- ***Kung naglalakbay pa-kanluran,*** kumanan (hilaga) sa Highlands Drive NE/E. Sunset Way; ipagpatuloy ang pagtunton sa Highlands Drive NE.

Kumaliwa (kanluran) sa unang ilaw-trapiko sa NE Discovery Drive (492 talampakan). Kumaliwa (timog) sa susunod na ilaw sa Eighth Avenue NE (0.2 milya). Lakbayin ang Eighth Avenue hanggang sa dumating sa pangunahing pasukan ng Swedish Issaquah. Kumanan kaagad upang pumasok sa underground na garahe ng paradahan. May available din na paradahan sa mga lote sa itaas.

**Preadmission**

Nasa ikatlong palapag ang check in para sa preadmission.

**Operasyon**

Nasa unang palapag ang check in para sa operasyon.







BALLARD CAMPUS




ISSAQUAH CAMPUS

SWEDISH
PEDIATRICS

www.swedish.org

© 2015 SWEDISH HEALTH SERVICES. NAKARESERBA ANG LAHAT NG KARAPATAN.